

SUMALI

Maglaro ng putbol

Sa Vestbyen IL Fotball



Tinatanggap namin ang lahat ng mga bata, mga kabataan at ang kanilang mga pamilya sa Vestbyen Fotball, na isang putbol klub na matatagpuan sa Hammersborg tuwid mula sa Ila.

Ang aming klub ay bukas para sa lahat, anuman ang wika, kultura, edad o kasarian. Nag-aalok kami ng mga aktibidad na may magandang kalidad, at nakatutok sa pagtiyak na ito ay isang ligtas, walang droga, at kasiya-siyahang kapaligiran samahan ng putboll sa amin.

Hindi mo kailangan na magaling para sumali. May lugar para sa lahat anumang antas ng kakayahan. Nais namin na ang aming mga miyembro ay maranasan ang pagwawagi at kagalakan sa paglalaro.

Ang eksersays ay pampalusog

Ang pagiging aktibong pisikal ay mahalaga. Mula sa karanasan alam namin na mas madali na maging pisikal na aktibo kasama ng iba kaysa sa gawing mag-isa. Bilang karagdagan masaya na makasama ang ibang mga bata sa mapaglarong aktibidad, at ang bawat bata matututo ng marami sa pagdadalo. Ang malulusog na pagkain at pisikal na aktibidad nagbibigay sa mga bata ng maraming lakas sa pang-araw araw. Ang mas maraming lakas maaari muling tumungo sa mas mahusay na konsentrasyon at pagsisikap sa paaralan. Sa pagdalo sa palaruan ng bata pa mas malaki ang pagkakataon na ituloy ang sport sa pagtanda.

Magsaya kasama ang iba

Ang bata na sumasali sa sport ginagawa nila ito dahil palagay nila ito ay masaya. Kasama ang mga kaibigan nakakaranas sila at natututo ng mga aral sa buhay. Dito matututo ang mga bata ng responsibilidad at isaalang- alang ang ang bawat isa. Sa pagkakaroon ng isang bagay na gawain pagkatapos ng paaralan ay makabuluhan. Bilang isang miyembro sa isang sports klub madali kang makipag-ugnayan sa ibang tao, magkakaroon ka ng maraming kaibigan at magiging bahagi ng mas malaking panlipunang network. Nangangahulugan ito ng marami sa mga bata na ang mga magulang at mga taga tagapag-alaga na makibahagi sa sports klub.

Pag-uumpisa at pagrerehistro

Bago makapamilya kung magiging miyembro maaaring sumali sa pagsanay kung ito ay ang sport na bagay para sa inyo. Walang bayad para sumali sa pagsubok ng 4 na beses bago magpasya. Para makapagsanay pagkatapos nito kailangan magbayad ng miyembro sa klub, bukod sa iba para na rin makasiguro na ang seguro ay balido. Kung kayo ay gustong sumali kausapin lang ang mga tagapagsanay sila ay makakatulong sa pagpapalista sa putbol klub.

Kagamitan

Sa pagpalista sa klub bibigyan ang lahat ng mga manlalaro ng panglabang damit, panglarong damit, shorts at medyas.

Mangangailangan din ng sapatos na pang putbol, proteksyon sa binti at damit sa pagsasanay halimbawa t-shirt, pagsasanay na pantalon. Maaari rin magsanay sa mahabang pantaloon at takip sa ulo. Bilang isang miyembro sa klub makakakuha ng diskwento sa lahat ng pagbili sa Nor-Contact. Ang Vestbyen mayroon din isang ukay-ukay na may pagkakataon na makipagpalit/bumili ng pagsasanay na damit at gamit na ginamit na sa bahay ng Vestby sa mga napiling awaw.

Ano ang halaga

Sa lahat ng mga sports klub sa Norway kailangan magbayad para sumali sa mga aktibidad ng sports klub.

Ang bayad ay bumubuo ng 2 bahagi:

1. Bayad sa pagpapamiyembro – ang gustong sumali sa mga organisadong sports kailangan na maging miyembro sa sports klub.
2. Bayad sa pagsasanay - lahat ng kasapi sa isang sports kailangan makihati sa mga gastos katulad ng paggamit sa lugar ng palaruan, gamit, paglalahok sa serye.

Sa Vestbyen mayroon kaming isang mungkahi na halos lahat ng bata ay makasali sa mga aktibidad, anuman ang sitwasyon ng ekonomiya sa pamilya. Kapag may kahirapan sa pagbabayad maaari kaming makatulong sa paghahanap ng tulong na maaring gamitin, at maaari rin kaming mag-alok ng mahahating pagbabayad kung ito ay kinakailangan. Ang klub ay may sariling tao na nag-aasikaso na tumutulong dito.

Putbol at kusang-loob

Vestbyen Fotball ay katulad ng lahat ng sports klub sa Norway pinatatakbo ng mga boluntaryo. Magulang at taga-alaga, kapatid at iba nagtatakda ng pagsisikap sa trabaho na hindi tumatanggap ng suweldo. Ganun din ang mga taong tagasanay at ang mga taong nagtatrabaho sa klub. Ang mga boluntayo nakakatulong kaya ang Vestbyen Fotball ay may mga aktibidad at maging magandang lugar para sa lahat ng pampook na kapaligiran. Bilang karagdagan sa mga tagasanay ay marami pang mga gawain na kailangan lutusin sa isang putbol sports bukod sa iba pang mga bagay:

- Gumawa ng pagkain, keyk na puwedeng ibenta sa mga laban para kita sa klub
- Tumulong sa pagtinda
- Sumali sa pag-aayos ng mga laban sa sariling palaruan
- At marami pa

Itong mga boluntaryong trabaho na iyong ginagampanan sa sports klub tinatawag na "kusang-loob". Ang kusang-loob ay nagbibigay ng maraming karanasan at isang pakiramdam na nakakatulong sa samahan. Ang Vestbyen ay lubos na umaasa sa mga tulong ng mga nakatatanda sa trabahong kusang-loob sa loob ng isang taon. Sa ganon paraan makakatanggap ang mga bata at kabataan ng magandang handog na sports. Ang iyong pagsusumikap gayun pa man malaki o maliit ay pinahahalagahan!

TAGALOG

Ligtas at mabuti

Ang lahat ng sports klub ay nakapangako na magbigay sa mga bata at kabataan ng isang ligtas at mabuting alok. Ang isport ay may malinaw na balangkas at aktibong nagtatrabaho laban sa panggugulo, pangliligalig, kapootang panlahi at karahasan. Kung ikaw ay magiging tagapagsanay o kaya lider sa bata at kabataan kailangan mo ng aprobadong sertipiko ng pulis. Ito ay nalalapat sa lahat ng tao sa isang sports klub na magsasagawa ng mga gawain sa samahan na nagsasangkot ng tiwala o pananagutan sa mga menor de edad o kaya mga toang may kapinsanan.

Ang magulang at taga-alaga ay maari rin magkaroon ng tungkulin sa sports klub, o kaya tumulong na maging tagapagsanay, lider at/o kaya tagahatol.

Ang Vestbyen Putbol ay miyembro ng Norwegong Putbol Pederasyon (NFF)
at Norwegong Sports Pederasyon (NIF)

Nais naminang lahat ng aming miyembro maranasan ang pagiging dalubhasa at kaligayahan sa sports, at nais namin pagaanin para sa lahat na gustong sumali sa aming putbol klub.

Sa Vestbyen sa buhay – para sa buhay!

Hilde Eriksson – Pangsamahang responsibilidad

hilde@vestbyen.no

Mats Holbø Frydenberg – Punong tagapamahala

mats@vestbyen.no

www.vestbyenfotball.no

